

PAMBANSANG PROGRAMA SA SEGURO
PARA SA PAGBAHA

HANDBOOK NG MGA PAGHAHABOL



FEMA



Talaan ng mga Nilalaman

PANIMULA	PAHINA 3
-----------------	-----------------

BAGO BUMAHA	PAHINA 4
--------------------	-----------------

SURIIN ANG PAHINA NG MGA DEKLARASYON NG IYONG POLICY	4
MAUNAWAAN ANG IYONG SAKLAW	5
MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG AHENTE NG SEGURO	7
MAGBAHAGI NG KAHALILING IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN	7
KUMUHA NG MAHAHALAGANG PAPELES	8
MAGSAAYOS NG MGA LISTAHAN AT DOKUMENTASYON	9
IHANDA ANG IYONG ARI-ARIAN	10
ALAMIN KUNG PAANO MANATILING LIGTAS	11

PAGKATAPOS BUMAHA	PAHINA 12
--------------------------	------------------

PAGBALIK SA BAHAY	12
PAGGAWA NG MGA KINAKAILANGANG AGARANG PAGKILOS	13
PAG-ALAM KUNG SINO ANG MAPAGKAKATIWALAAN	16
PAGKUKUMPUNI AT MULING PAGTATAYO	17
PAG-ASIKASO SA IYONG PAGHAHABOL	22
PAGHILING NG KARAGDAGANG BAYAD	23
PAGTUGON SA MGA TANONG TUNGKOL SA IYONG PAGHAHABOL	27

KARAGDAGANG PATNUBAY AT IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN	PAHINA 31
---	------------------



Panimula

Ang Pambansang Programa sa Seguro para sa Pagbaha (NFIP, acronym sa Ingles) ay nagpoprotekta sa milyon-milyong policyholder laban sa pagbaha sa mahigit 22,600 komunidad sa U.S. Sa pamamagitan ng mga regulasyon sa pamamahala ng mga binabahang lugar, policy sa seguro para sa pagbaha na sinusuportahan ng pamahalaan at suporta sa nagagawa ng NFIP na panatilihin mas ligtas ang mga residente, mabawasan ang pinsala sa ari-arian, makatulong sa pagtataguyod ng matatatag na komunidad.

Ikaw man ay isang may-ari ng bahay, nangungupahan, o may-ari ng negosyo, ang Handbook ng mga Paghahabol na ito ay idinisenyo para tulungan kang maghanda para sa at makabangon mula sa isang pagbaha. Idinedetalye nito kung paano maghanda para sa at manatiling ligtas sa panahon ng pagbaha, nagpapaliwanag kung paano at kung kailan magsisimula ng paghahabol na nauugnay sa pagbaha, at nagbibigay ng pangkalahatang-ideya sa proseso ng mga paghahabol kung hindi ka nasisiyahan sa resulta ng iyong paghahabol sa seguro para sa pagbaha.

Sumangguni sa iyong policy para sa mga partikular na impormasyon sa saklaw, mga limitasyon, mga paghihigpit, at mga deductible.

Bago Bumaha

Maaaring maganap ang mga pagbaha nang walang pasintabi at maaaring mabilis na tumaas ang mga tubig baha. Magsagawa ng mga kinakailangang hakbang para maihanda ang iyong sarili, pamilya, alagang hayop, at ari-arian bago bumaha.

SURIIN ANG PAHINA NG MGA DEKLARASYON NG IYONG POLICY

Magpapadala sa iyo ang iyong insurer sa baha ng Pahina ng mga Deklarasyon. Ito ang unang pahina ng iyong policy at tinutukoy nito:

- Kung sino ang sineseguro ng policy (“[mga] pangalan ng may seguro”);
- Ang address ng ari-arian;
- Kung kailan magsisimula at magwawakas ang saklaw (“panahon ng policy”); at
- Ang halaga ng saklaw.

Siguraduhing tama ang impormasyon ng Pahina ng mga Deklarasyon at nakalista dito ang anupamang partidong may pinansyal na interes sa iyong ari-arian (halimbawa, ang iyong kumpanya ng sangla o kapwa may-ari). Dahil nagpapanatili ng naka-secure na interes sa ari-arian ang mga nagpapautang, may karapatan ang mga ito na matukoy sa anumang pagbabayad sa gusali.

Abisuhan kaagad ang iyong insurer kung may mapapansin kang anumang pagkakamali o kung gusto mong gumawa ng mga pagbabago. Ang pag-update nito ngayon ay makakatulong sa pag-iwas sa mga hindi kinakailangang pagkaantala bago mabayaran ang iyong paghahabol.

MAUNAWAAN ANG IYONG SAKLAW

Kahulugan ng Baha

Ang baha, gaya ng paggamit sa iyong policy sa seguro para sa pagbaha, ay nangangahulugang:

1. “Isang pangkalahatan at pansamantalang kalagayan ng bahagya o ganap na pagkakaroon ng tubig sa dalawa o mahigit pang akre ng karaniwang tuyong bahagi ng lupa o ng dalawa o higit pang ari-arian (kung saan ang isa ay ang ari-arian mo) dahil sa:
 - a. Pag-apaw ng tubig sa kalupaan o tubig na dulot ng tide;
 - b. Hindi karaniwan at mabilis na pag-ipon o pag-agos ng tubig sa ibabaw ng lupa na nanggagaling sa anumang pinagmulan;
 - c. Pagbaha ng putik.*
2. Pagguho o pagbagsak ng lupang malapit sa pampang ng lawa o katulad na anyong tubig bilang resulta ng erosyon o undermining na dulot ng mga alon o agos ng tubig na lumalampas sa inaasahang taas ng mga siklo na nagreresulta sa pagbaha gaya ng inilalarawan sa itaas.”

*Ang ibig sabihin ng pagbaha ng putik ay “Ilog ng tubig at dumadaloy na putik sa mga karaniwang tuyong lupa, gaya ng kapag nadala ng agos ng tubig ang lupa. Ang iba pang paggalaw ng lupa, tulad ng pagguho ng lupa, pagguho ng libis o tipak ng lupang hindi na makatanggap ng tubig na gumagalaw pababa sa libis, ay hindi mga pagbaha ng putik.”



Paggamit sa Kahulugan

Ang mga sumusunod na sitwasyon ay maaaring makatulong sa paggamit ng kahulugan ng baha sa mga sitwasyon sa tunay na buhay. Gayunpaman, naglalarawan lamang ang listahang ito at hindi ito tama sa ilalim ng anuman o lahat ng pagkakataon. Nakabatay ang saklaw sa mga aktwal na kaganapan. Mangyaring sumangguni sa iyong policy sa baha para sa mga partikular na impormasyon.

 Sinasaklaw	Hindi Sinasaklaw 
Maaari kang masaklawan ng policy sa seguro para sa pagbaha ng NFIP kapag umapaw ang tubig sa ilog, na nagdudulot ng baha na binigyang-kahulugan ayon sa Karaniwang Policy sa Seguro para sa Pagbaha (SFIP, acronym in Ingles), at pumasok ang tubig sa iyong ari-arian...	...pero hindi kung aapaw ang inidoro para sa kadahilanang maliban sa mga dulot ng pinsala ng tubig na binigyang-kahulugan ng SFIP.
Maaari kang masaklawan ng policy sa seguro para sa pagbaha ng NFIP kung ang matinding pag-ulan sa karaniwang walang tubig na gilid ng burol ay lilikha ng ilog ng tubig at dumadaloy na putik na papasok sa iyong ari-arian...	...pero hindi kung ang bahagi ng gilid ng burol ay guguhod dahil sa matagal na pag-ulan at dadaloy pababa ng burol nang walang agos ng tubig bago pumasok sa iyong ari-arian. Ituturing ito na pagguho ng lupa, pag-agos ng putik, o pagguho ng libis at samakatuwid ay hindi sasaklawin ng NFIP.
Maaari kang masaklawan ng policy sa seguro para sa pagbaha ng NFIP kung ang ulan ay magdudulot ng napakabilis na pagbaha sa panahon ng bagyo at papasok ang tubig sa iyong ari-arian...	...pero hindi kung pumasok ang tubig sa loob ng ari-arian dahil sa hangin. Ituturing itong pag-ulan na dulot ng hangin, na hindi sinasaklaw ng NFIP.
Maaari kang masaklawan ng policy sa seguro para sa pagbaha ng NFIP kung nagba-back up ang iyong sump pump sa basement mo sa panahon ng baha...	...pero hindi kung ang sump pump ay nagba-back up nang walang baha sa bahaging nagdudulot nito. Kung hindi pagbaha ang sanhi ng pag-back up, hindi sasaklawin ng NFIP ang pinsala.
Maaari kang masaklawan ng policy sa seguro para sa pagbaha ng NFIP kung ang baha ay nagdudulot ng pagtagas ng tubig sa iyong basement...	...pero hindi kung unti-unti itong kakalat sa mga pader ng iyong basement dahil sa natural na pagtaas sa tubig sa ilalim ng lupa. Dahil hindi nagdudulot ng pangmatagalang pagtagas ang pagbaha, hindi ito sasaklawin ng NFIP.

Alamin ang iba pa tungkol sa mga termino sa pagbaha sa brochure ng NFIP tungkol sa Pagbaha at mga Nauugnay na Kaganapan sa Lagay ng Panahon na matatagpuan sa agents.floodsmart.gov/nfip-flooding-weather-events (sa Ingles lang).

MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG AHENTE NG SEGURO

Makipag-ugnayan kaagad sa iyong ahente ng seguro kung kinakailangan ang anumang update o pagbabago sa Pahina ng mga Deklarasyon ng iyong policy. Dapat mo ring tawagan ang iyong ahente ng seguro o kinatawan ng kumpanya kung ikaw ay nag-refinance, kumuha ng pangalawang sangla, o nakatanggap ng loan sa pagpapahusay ng bahay sa kumpanyang maliban sa ipinapakita sa iyong policy.

Dagdag pa rito, maaari mong suriin ang iyong policy at talakayin ang lawak ng iyong saklaw, kabilang ang halaga ng iyong deductible, kasama ang iyong ahente ng seguro o kinatawan ng kumpanya ng seguro. Mayroong mga hiwalay na opsyon sa policy sa seguro para sa saklaw sa gusali at personal na ari-arian (saklaw sa mga nilalaman).

Kadalasan ay mayroong epekto ang mga halaga at deductible ng saklaw sa kung gaano ka kabilis na makakabangon pagkatapos bumaha, at naaangkop ang mga ito sa anumang kasunduan sa paghahabol sa hinaharap. Kung nag-aalala ka sa hindi pagkakaroon ng sapat ng saklaw sa gusali o na masyadong malaki ang deductible mo, maaaring makipagtulungan sa iyo ang iyong ahente ng seguro o insurer para mapataas ang iyong saklaw o mapababa ang mga deductible (bagama't may mga minimum na kinakailangan sa mga deductible ang ilang nagpapautang). Kapag alam mo ang mga partikular na impormasyon tungkol sa iyong policy, matitiyak na naroon ang mga gusto mong uri at halaga ng saklaw para protektahan ang binuo mong buhay.


Kung kailangan mong gumawa ng mga pagbabago sa iyong policy, huwag nang hintayin ang banta ng baha. Posibleng abutin nang 30 araw bago magkabisa ang mga pagbabago. Abisuhan ang iyong insurer sa lalong madaling panahon.

MAGBAHAGI NG KAHALILING IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Bigyan ang iyong ahente ng seguro ng ilang paraan para makaugnayan ka (halimbawa, numero ng cell phone, numero sa trabaho, at email address, sa halip na ang iyong numero ng telepono sa bahay lang).

Pagkatapos bumaha, posibleng hindi ka makabalik kaagad sa iyong ari-arian o posibleng hindi gumagana ang mga utilidad tulad ng kuryente. Maaari itong magpahirap sa pakikipag-ugnayan mo sa iyong mga kinatawan ng kumpanya ng seguro kung landline lang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na ibibigay mo.

Kung kailangang i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong carrier o ahente sa lalong madaling panahon.



KUMUHA NG MAHAHALAGANG PAPELES

Magtabi ng mga orihinal na kopya ng iyong mahahalagang papeles sa seguro sa isang ligtas at waterproof na lokasyon. Tiyaking kasama rito ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong ahente o kumpanya ng seguro, ang kopya ng iyong policy sa seguro para sa pagbaha, mahahalagang resibo, at dokumentasyon ng mga naka-insure na bagay sa loob ng bahay o negosyo mo.

Kung kailangan mong lumikas, dalhin ang mahahalagang papeles na ito sa isang waterproof na lagayan. Ang mga opsyon sa digital at cloud-storage ay isa pang paraan para mapag-ingatan ang iyong papeles at mapanatiling naa-access ang mahalagang impormasyon.

Panatilihin ang Mahahalagang Rekord



Kabilang sa iba pang mahahalagang dokumentong maaaring gusto mong protektahan mula sa potensyal na pinsalang dulot ng baha ang **mga titulo ng ari-arian, stock certificate, birth certificate, social security card, passport, at papeles sa seguro**. Tingnan nang isang beses sa bawat taon para tiyaking up-to-date ang mga dokumentong ito at nakatabi sa lokasyong ligtas sa tubig.



MAGSAAYOS NG MGA LISTAHAN AT DOKUMENTASYON

Maaaring maging mahirap na subukang gumawa ulit ng listahan ng imbentaryo pagkatapos bumaha. Simulang pagsama-samahin ang mga nakaraang resibo ng pagkukumpuni ng gusali at, kung bumili ka ng saklaw sa personal na ari-arian, gumawa at magpanatili ng listahan ng mga bagay na personal na ari-arian. Magdagdag ng impormasyon hangga't maaari kasama ang mga larawan at video ng labas/loob ng iyong gusali at personal na ari-arian.

Maglakip ng anumang nauugnay na dokumento (Mga halimbawa: mga bayarin, resibo, purchase order) sa iyong listahan. Tiyaking itabi ang lahat kasama ng iba mo pang mahalagang papeles sa isang lugar na ligtas sa tubig.

Para sa bawat bagay na personal na ari-arian, isama ang sumusunod:



Presyo ng pagbili



Paglalarawan



Dami



Tinatayang edad



Tagapag-manupaktura

Opsyonal, mga kapaki-pakinabang na detalye:



Pinagmulan ng pagbili



Halaga kung papalitan ngayon ng may katulad na uri at kalidad



Kapasidad



Saan ginawa, modelo, at serial number

IHANDA ANG IYONG ARI-ARIAN

Kung may oras ka para maghanda para sa pagbaha, gawin ang mga sumusunod na pagkilos para mabawasan ang pinsala sa iyong ari-arian at matulungan kang manatiling ligtas.



Patayin ang kuryente sa iyong breaker o fuse box at isara ang mga pangunahing valve ng gas at tubig, kung saan matatagpuan ang lahat ng ito sa iyong garahe o basement.



Ipirmi ang mga tangke ng gasolina at itaas ang mga utilidad.



Ipasok ang mga gamit sa labas o secure na itali ang mga ito (halimbawa, mga kagamitan sa bakuran, pang-ihaw, atbp.).



Linisin ang mga alulod.



Itaas ang mahahalagang bagay, mapanganib na produkto para sa sambahayan, at importanteng dokumento at ilagay ang mga ito sa isang waterproof na lalagyan, kung maaari.



Balikan ang mga bagay na nakatabi sa iyong basement. Nililimitahan ng mga policy sa seguro para sa pagbaha ang saklaw sa mga basement sa mga item na tulad ng mga furnace, washer at dryer ng mga damit, at window air conditioner. Ang mga bagay na maaaring saklawin sa ibang bahagi ng iyong bahay ay maaaring hindi masaklawan kung nakatabi ang mga ito sa basement. Para maprotektahan laban sa mga karagdagang pagkawala, pag-isipang ilipat ang mahahalaga at kinakailangang bagay sa mga bahagi ng iyong bahay na may mas malawak na saklaw. Magbasa pa tungkol sa kung ano ang sinasaklaw at hindi sinasaklaw sa agents.floodsmart.gov/basement-coverage-fact-sheet (sa Ingles lang).



Linisin ang mga bathtub, lababo, at mga boteng may takip at lagyan ang mga ito ng malinis na tubig na pang-inom sakaling marumihan ang mga supply ng tubig.



Gumawa ng madaling makuha na emergency kit. Bumisita sa ready.gov/tl/kit para matukoy kung anong mga kinakailangang bagay ang isasama.

Maaari ka ring gumamit ng saklaw sa pag-iwas sa pagkawala na dulot ng baha gaya ng ibinabalangkas sa iyong SFIP para masaklawan ang hanggang \$1,000 sa pagbili ng mga supply at lakas paggawa para protektahan ang iyong may segurong ari-arian laban sa hindi maiiwasang panganib ng baha. Posibleng kabilang dito ang pagkakabit ng sump pump o pagdaragdag ng mga pansamantalang sandbag, plastic sheeting, at tabla. Alamin ang higit pa tungkol sa pag-iwas sa pagkawala na dulot ng baha sa agents.floodsmart.gov/flood-loss-avoidance (sa Ingles lang).

ALAMIN KUNG PAANO MANATILING LIGTAS

Ang unang panuntunan kapag hindi maiiwasan ang pagbaha ay panatilihing ligtas ang iyong sarili at ang mga mahal mo sa buhay. Sundin ang mga tagubilin ng mga tauhan ng lokal na emergency kapag lumilikas.

Kung pinipigilan ka ng masyadong mabilis na pagtaas ng tubig baha na makalikas nang ligtas, pumunta sa pinakamataas na bahagi ng iyong ari-arian. Kung iyon ay isang atik, maaari kang magtabi doon ng mga kagamitan (tulad ng itak o maso), para makagawa ka ng madaraan paalis patungo sa bubong. Gayunpaman, kung mayroong pinagsamang panganib ng hangin at baha, posibleng hindi naaangkop na manatili sa atik. Pumunta lang sa bubong kung kinakailangan; kapag naroon na, magpadala ng senyales para sa tulong.

Kapag malaki ang posibilidad na bumaha, dapat mo ring iwasan ang pananatili sa isang lugar na mas mababa sa lebel ng lupa tulad ng basement. Bagama't tila ligtas ang mga basement kapag may malalakas na hangin, mabilis na napupuno ng tubig ang mga ito.

Mukha mang mas magandang opsyon ang mga atik at basement, ang dalawang lokasyong ito ay maaaring makaantala sa paglikas at/o mga pagsalba.

Kung kailangan mo ng matutuluyan sa iyong bahay hanggang sa dumating ang tulong, panatilihing nakatabi sa iyo ang cell phone at emergency kit mo. Makakatulong ang mga ito sa iyo na makipag-ugnayan sa mga serbisyo sa emergency, manatiling updated tungkol sa sitwasyon, at manatiling may mga magagamit na kritikal na kagamitan.

Sa labas ng iyong tahanan, lumayo sa mga bumagsak na linya ng kuryente o electrical wire at iwasang lumusong sa tubig baha. Ang pagkakuryente ay ang pangunahing dahilan ng pagkamatay sa mga baha at ang tubig ay maaaring nakontamina o naglalalaman ng mga mapanganib na debris.

Pagkatapos Bumaha

Kadalasang nakakabigla ang pagdanas ng baha. Kapag mabilis ang naging pagkilos para unahin ang mga agarang pangangailangan kaysa sa mga mas hindi agaran, mas mabilis kang makakabangon, at magbibigay-daan ito sa iyo na makontrol ulit ang iyong tahanan o negosyo at ang iyong buhay.

Kumuha ng mga kopya ng mahahalagang napupunang form na maaaring kailanganin ng iyong adjuster o insurer sa [fema.gov/flood-insurance/find-form/policyholders](https://www.fema.gov/flood-insurance/find-form/policyholders) (sa Ingles lang).

PAGBALIK SA BAHAY

Kung kinailangan mong lumikas, huwag bumalik sa iyong bahay hangga't hindi ka pinapayagan ng mga lokal na awtoridad. Kapag pinayagan ka nang pumunta sa ari-arian mo, maging maingat—kahit tila ligtas na.

Palaging tandaan ang mahahalagang pagkilos na ito kapag bumabalik sa iyong bahay:

- Umalis kaagad sa bahay kapag may narinig kang tunog na pumipito o naamoy na gas. Tumawag sa iyong kumpanya sa gas mula sa ibang lokasyon—maaaring magdulot ng pagsabog ang paggamit ng iyong landline o cell phone sa loob ng isang gusaling may tumagas na gas.
- Iwanang nakapatay ang iyong mga circuit breaker at linya ng gas. Mapanganib ang mga live current sa tubig at pagtagas ng gas. Panatilihing nakapatay ang mga ito hanggang masuri ng electrician, tubero, o naaangkop na lokal na opisyal ang iyong system.
- Magpakulo ng tubig sa loob ng limang minuto bago ito inumin o gamitin para maghanda ng pagkain hanggang malaman mong ligtas ang supply ng tubig.
- Huwag gumamit ng mga banyo o lababo kung napinsala ang mga linya ng imburnal at tubig. Maghintay hanggang sa makatawag ka ng tubero.
- Kuhanan ng larawan ang anumang pagkaing napinsala ng tubig, kabilang ang mga delata, at pagkatapos ay itapon ito.



Hindi Kayang Manatili sa Iyong Bahay?

Kung may inilabas na deklarasyon ng sakuna ang pangulo, ang Indibidwal na Tulong (IA, acronym sa Ingles) ng FEMA ay maaaring kunin para makatulong sa mga karagdagang gastusin sa pamumuhay (ALE, acronym sa Ingles). Ang saklaw ng ALE ay isa ring karaniwang bahagi ng mga policy sa seguro ng mga may-ari ng bahay o nangungupahan. Kadalasan nitong sinasaklaw ang mga gastusin sa panunuluyan at pagkain tulad ng bayarin sa pananatili sa hotel o pagbili ng pagkain. Gayunpaman, hindi sinasaklaw ng NFIP ang ALE.

Bumisita sa disasterassistance.gov (sa Ingles lang), balikan ang iyong policy sa seguro ng ari-arian o makipag-ugnayan sa kinatawan ng seguro ng ari-arian para sa higit pang impormasyon.

PAGGAWA NG MGA KINAKAILANGANG AGARANG PAGKILOS

Mayroong ilang mahahalagang bagay na dapat mong magawa mo kaagad nang tama para masimulan ang mga paghahabol at proseso ng pagbangon.

HAKBANG

1

Simulan ang Iyong Paghahabol

Ihain ang iyong abiso ng pagkawala sa iyong ahente ng seguro o insurer, kahit na hindi ka sigurado kung sinasaklaw ang iyong pagkawala o lumalampas sa deductible ng policy. Sa lahat ng form ng policy sa seguro para sa pagbaha, kinakailangan mong magbigay ng agarang nakasulat na abiso ng mga pinsalang nauugnay sa baha. Isumite ito sa iyong ahente ng seguro o direkta sa iyong insurer. Tiyaking isama ang numero ng iyong policy.

Makipag-ugnayan sa kanya kung mayroon kang mga tanong tungkol sa paghahain ng abiso sa pagkawala. Tandaang maaaring maging mahirap na makipag-ugnayan sa iyong ahente o kumpanya ng seguro pagkatapos bumaha, pero makipag-ugnayan sa kanila sa lalong madaling panahon at iulat ang iyong paghahabol pagkatapos ng pagbaha.

Sundin ang anupamang tagubilin na ibinigay ng iyong insurer para mapabilis ang iyong pagbangon. Magsimula gamit ang flyer na Paano Magsimula ng Paghahabol sa Seguro para sa Pagbaha, na makukuha sa agents.floodsmart.gov/how-start-flood-insurance-claim (sa Ingles lang).

Hatiin at Kuhanan ng Larawan ng Ari-arian

Huwag ipagpaliban ang paglilinis pagkatapos bumaha—kung mas matagal na mabababad ang iyong mga gamit sa tubig, mas malamang na masisira ang mga ito.

Ihiwalay ang mga napinsalang ari-arian sa hindi napinsala ayon sa kinakailangan ng iyong policy at gawin ang lahat ng makakaya upang maprotektahan ang iyong mga hindi napinsalang ari-arian. Alisin ang basa at hindi na maisasalbang materyal ng gusali at bagay na personal na ari-arian upang maiwasan ang pagkalat ng amag at paglala ng pinsala. Ilipat ang mga bagay na gusto mong itabi sa ligtas at tuyong lugar tulad ng mas mataas na baitang o pinoprotektahang lugar sa labas. Buksan ang mga pinto at bintana para dumaloy ang hangin sa iyong lugar at makatulong sa proseso ng pagpapatuyo.

Gayunpaman, huwag itapon ang anumang bagay bago ito makita ng iyong adjuster maliban kung ang napinsalang bagay ay nagpapakita ng panganib sa kalusugan o iniaatas sa iyo ng lokal na batas na itapon ito. Kung kailangan mong magtapon ng ari-arian, kumuha ng mga larawang nagsasadokumento ng pinsala ng baha sa (mga) bagay para maipakitang hindi posible ang pagkukumpuni bago itapon. Tiyaking magtabi ng mga sample na masusuri ng iyong adjuster (Mga halimbawa: magtabi ng piraso ng napinsala ng baha na wall-to-wall carpet, mga kahoy na sahig, atbp.).

Tandaang ang ilang bagay na naapektuhan ng pagbaha ay maaaring malinis o makumpuni sa kalagayan nito bago mawala. Kung sa palagay mo ay maaari pang makumpuni ang isang bagay, itabi ito para sa pagsusuri ng adjuster. Dapat ka ring makipag-ugnayan sa iyong adjuster o insurer tungkol sa kung ano ang mga karagdagang gastusin sa pagpapalinis at serbisyo sa pagkukumpuni na sinasaklawan ng iyong SIFP.

Maaaring kabilang sa basic na paglilinis ng mga sinsaklaw na bagay ang:

- Pagtanggap ng naimbak na tubig baha.
- Lakas-paggawa para sa pag-aalis o pagtatanggal ng mga nagamit na solusyon sa paglilinis.
- Treatment para sa amag at tagulamin.
- Pagpapatuyo sa istruktura ng mga maisasalba pang kagamitan sa panloob na pundasyon.

Ang pag-aalis ng debris ay maaaring isa ring sinasaklaw na gastusin.

Maaaring kabilang dito ang:

- Pag-aalis at pagtatapon ng sinasaklaw na ari-arian.
- Pag-aalis at pagtatapon ng debris na nagmula sa baha.

Mahalagang tandaan na ang mga sinasaklaw na gastusin para sa paglilinis at pag-aalis ng debris ay naaangkop lang sa pag-aalis ng mga bagay na sinasaklaw sa ilalim ng iyong policy na napinsala ng baha, hindi ang kahit anong bagay na napinsala ng baha.

Halimbawa: ang pag-aalis ng nakakabit na paneling sa pader ay hindi sasaklawin, kahit na kinakailangan na linisin ang mga elemento ng pundasyon (Halimbawa: mga pundasyong pader). Nalalapat din ito sa mga halaman o puno na malapit sa gusali—hindi sasaklawin ang pag-aalis sa mga ito para ma-access ang pundasyon para sa mga pagkukumpuni.

Ang higit na impormasyon tungkol dito ay makikita sa **pahina 17**, sa seksyong pinamagatang “Pagkukumpuni at Muling Pagtatayo.” Sumangguni sa iyong policy para sa karagdagang impormasyon.

HAKBANG

3

Itala ang Pinsala sa Personal na Ari-arian

Ilista at kuhanan ng larawan ang napinsalang personal na ari-arian. Ang mga may-ari ng bahay, nangungupahan, at negosyo na bumili ng saklaw sa personal na ari-arian ay dapat magbigay ng listahan ng mga napinsalang personal na ari-arian at magsama ng anumang nauugnay na detalye o dokumento.

Bumalik sa **pahina 9** para sa listahan ng dapat isama sa iyong mga rekord.

HAKBANG

4

Magtala ng Pinsala sa Gusali

Ilista at kuhanan ng larawan ang anumang bahagi ng potensyal na pinsala sa istruktura na gusto mong ipakita sa iyong adjuster. Posibleng kabilang sa mga senyales ng potensyal na pinsala sa istruktura ang mga nakikitang bitak, pag-angat o hindi pantay na sahig, at mahirap na buksan na mga pinto at bintana. Kakailanganin ng adjuster na magsiyasat at mangalap ng mga impormasyon na magbibigay-daan sa insurer na matukoy kung direktang resulta ng baha ang pinsala.

Suriin ang mga sitwasyong sinasaklawan para sa mga halimbawa ng kung ano ang maaaring isaalang-alang ng adjuster sa **pahina 6**.

PAG-ALAM KUNG SINO ANG MAPAGKAKATIWALAAN

Asahang mag-aalok ng tulong ang maraming indibidwal—pero maging mapagmatyag at subukang tumuklas ng potensyal na panlilinlang. Huwag matakot na humingi ng patunay ng pagkakakilanlan. Pag-isipang makipag-ugnayan sa opisina o employer ng tao para maberipika ang kanyang pagkakakilanlan.

Posibleng magmula ang tulong sa:



Mga opisyal ng pamahalaan, na maaaring bumisita at sumuri sa iyong ari-arian;



Mga adjuster ng seguro, na mangangalap ng impormasyon, kukuha ng larawan, at tutulong sa iyo na punan ang papeles sa mga paghahabol;



Mga kontratista, na posibleng mag-alok ng tulong sa pagpapabalik ng kalagayan ng iyong ari-arian; at



Mga nonprofit o mga organisasyon ng boluntaryo, na maaaring magbigay ng paglilinis, pagkain, at pinansyal na tulong.

Ang mga source na may magandang reputasyon ay hindi kailanman manghihingi ng bayad, iyong Social Security Number, o impormasyon ng iyong account sa bangko. Dapat ka ring maging maalam sa mga taktika sa pamimilit na pumirma sa isang bagay o magbayad nang maaga. Suriin ang flyer na Pagtukoy sa Iyong mga Tagapagtaguyod Pagkatapos ng Baha sa agents.floodsmart.gov/identifying-advocates-after-flood (sa Ingles lang) para matuto pa tungkol sa mga potensyal na bisita pagkatapos bumaha at kung anong patunay ng pagkakakilanlan ang dapat nilang dalhin.



PAGKUKUMPUNI AT MULING PAGTATAYO

Pagreremedyo sa Pinsala ng Baha at Pagpapatuyo sa Istruktura

Kung ang panloob na living space ng iyong gusali ay napuno ng tubig baha, kakailanganin ang pag-aalis ng mga basang hindi maisasalbang materyal ng gusali at pagpapatuyo bago makapagsimula sa mga pagkukumpuni.

Kumilos nang mabilis para maiwasan ang karagdagang pinsala. Ang pagsisimula kaagad sa proseso ng paglilinis ay magpapababa sa dami ng tubig na nananatili sa iyong bahay, magpapababa sa kung gaano karaming pinsala ang mangyayari at magpapataas sa posibilidad na masalba ang mga materyal at pag-aari. Mas mapapabilis din nito ang pagbalik mo sa normal na buhay.

Makipag-ugnayan sa eksperto sa pagreremedyo kung kinakailangan. Maaari mong piliing kumuha ng kumpanya sa propesyunal na pagreremedyo sa pinsala. Maaari silang makatulong sa proseso ng pag-aalis ng mga materyal ng gusali na napinsala ng baha at hindi na maisasalba; paglilinis; pagpapahid ng treatment para maiwasan ang pagdami ng amag at tagulamin; at pagsasagawa ng karagdagang pagpapatuyo ng gusali.

Tandaang maaaring maging limitado ang pagreremedyo sa pinsala at mga mapagkukunan sa pagkukumpuni pagkatapos ng isang pagbaha, kaya makipag-ugnayan sa mga kumpanyang may magandang reputasyon sa lalong madaling panahon.

Una, humingi ng mga kredensyal kung at kapag nagsasaalang-alang ng negosyo o indibidwal. Dapat ay may lisensya, bono, at pagsasanay na magsagawa ng gawaing pagreremedyo ang kumpanya. Ang mga kinuhang serbisyo na hindi kwalipikadong magsagawa ng pagreremedyo sa pinsala ng baha ay maaaring maningil para sa gawaing hindi epektibo o hindi makatarungan para sa uri ng pagkawala na mayroon ka.



Pangalawa, ipaalam sa tagapagserbisyo na kinuha mo na nangangailangan ang FEMA ng log sa pagpapatuyo na angkop na napunan. Ang isang log ng pagpapatuyo ay sumusuporta sa pagpapagaan sa gawain ng kumpanya at sa huling invoice para sa mga serbisyo sa pagpapatuyo. Sa karaniwan, maaaring mapatuyo ang mga gusali sa loob ng 72 oras o mas maikli. Makipag-ugnayan sa iyong adjuster kung mas tatagal ang iyong pagpapatuyo. Kapag natapos na ang gawain, kakailanganin mo ring ipadala sa iyong adjuster ang log ng pagpapatuyo kasama ang naka-itemize na invoice.

Dapat mong malaman na ang iyong insurer ay mayroong karapatang suriin ang dokumentasyon mula sa eksperto sa pagreremedyo para matukoy kung ang gawaing isinagawa ay sinasaklaw, mababayaran, at makatarungan.

Panghuli, kumpirmahin kung magkakaroon ng mga pang-araw-araw na pagsusuri. Dapat na suriin ng iyong technician sa pagpapatuyo ang gusali nang hindi bababa sa kahit 24 na oras para itala ang mga antas ng moisture at humidity at para matiyak na tinutuyo nang wasto ang gusali. Sa panahon ng mga pagsusuring ito, ang technician ay maaaring maglipat ng mga kagamitan sa loob ng gusali para maayos ang pagdaloy ng hangin, mag-alis ng ilang partikular na fan, o maglagay ng iba pang kagamitan para makatulong sa pagpapatuyo.

Unawain kung ano ang hindi sasaklawin ng seguro. Kabilang sa mga karaniwang gastusin na hindi sinasaklaw sa paghahabol sa baha, pero maaaring hindi singilin sa iyo ang:

- Pagsusuri para sa amag. Sa pangkalahatan, hindi isinasama ang amag sa ilalim ng SFIP, hindi magbabayad ang policy para matukoy ang uri ng amag, magmungkahi ng protokol sa pagreremedyo o magremedyo sa amag, kabilang ang paggamit ng mga HEPA machine. Nililimitahan ang saklaw sa pagaalis ng hindi nasasalbang materyal sa gusali na napinsala ng baha at ang paglalagay ng panlaban sa mikrobyo para maiwasan ang pagdami ng amag at tagulamin.
- Pagtukoy kung may mga pollutant. Sinasaklawan lang ang pagsusuri, pagsubaybay, at paglilinis ng mga pollutant kapag iniaatas ng batas at nililimitahan sa bahagi ng gusali na napinsala ng baha. Ang isang kopya ng utos na kinakailangan ang gawain at kopya ng batas o ordinansa ay kinakailangan para maibalik ang mga gastos sa ilalim ng paghahabol.
- Mga karagdagang bayarin para sa lakas-paggawa, personal na proteksyon, mga air-filtering machine, o mga filter na HEPA. Ang mga singil na ito ay karaniwang naitala na sa ilalim ng ibang hiwalay na pagsingil. Halimbawa, kung kabilang sa iyong invoice ang unit na presyo para mag-alis ng mga bagay sa gusali na napinsala ng baha, kabilang sa unit na presyo ang lahat ng pagsingil na nauugnay sa lakas-paggawa, materyal, at paggamit ng kagamitan.
- Mga gastusin sa pagkain at panunuluyan para sa mga manggagawa.
- Ang paggamit ng mga dehumidifier o air mover sa loob ng iyong gusali bago magsimula ang paggawa. Ang kagamitan sa pagpapatuyo ay hindi dapat gamitin bago alisin, linisin, o gamutin laban sa amag at tagulamin ang mga hindi maisasalbang materyal at nilalaman ng gusali na napinsala ng baha.



Mga Kontratista at Tagapagkalakal

Pagkatapos bumaha, karaniwang kinakailangan ang mga pagpapagawa ng gusali. Ikaw ang bahala sa kung paano gustong pamahalaan ang mga pagkukumpuning ito. Maaaring ikaw mismo ang magsagawa ng paggawa, mangasiwa sa mga pagkukumpuni sa pamamagitan ng pagbili ng mga materyales at pagkuha ng mga manggagawang may kasanayan na magsagawa ng paggawa o kumuha ng kontratista sa pagkukumpuni na mangangasiwa sa lahat ng gawain.

Kapag inaalam ang iyong mga opsyon, isaalang-alang ang:

- Pagkuha ng mga kontratista na may lisensya, bono, at seguro. Hilingin na makakita ng pagbeberipika.
- Paggamit ng mga lokal na kontratista kahit na limitado ang mga mapagkukunan pagkatapos ng isang malaking kaganapan. Ang mainam na makuha ay isang taong makaka-ugnayan pagkatapos ng mga pagkukumpuni para matugunan ang anumang isyu sa paggawa na maaaring sumulpot.
- Pagbibigay ng mas maliit na advance para simulan ang paggawa. Ang mga kontratista ay karaniwang humihiling ng maliit na advance na ibinibigay kaagad para makabili ng mga materyales at pagkatapos ay naniningil sila kapag tapos na ang gawain—ito ay para protektahan ka at ang kontratista.
- Pagsusuri sa mga margin ng overhead at kita. Ang mga pangkalahatang kontratista ay naniningil ng overhead at kita, na idinadagdag sa mga gross na gastusin sa materyales at lakas-paggawa.

Makikita ang higit pang payo at mungkahi sa muling pagtatayo pagkatapos ng baha sa gabay ng NFIP sa Mas Ligtas at Mas Matibay na Pagbangon Pagkatapos ng Pagbaha sa agents.floodsmart.gov/rebuilding-after-flood (sa Ingles lang).



Higit pa sa mga Pangunahing Kaalaman

Tumuklas ng mga gawain para sa pagbabawas para matulungang mabawasan o maalís ang pinsala ng baha sa hinaharap. Maaaring kabilang sa mga hakbang o pagsasaayos sa pagbabawas sa istruktura at hindi istruktura ang:



Pagpapahusay ng mga utilidad tulad ng mga system sa pagpapainit at pagpapalamig, heater ng tubig, at mga electrical panel;



Pagkakabit ng mga daanan ng tubig baha sa mga basement o iba pang ganap na saradong bahagi sa ibaba ng pinakamababang nakaangat na palapag;



Mga filling sa mga basement;




Pag-angat sa iyong ari-arian nang mas mataas sa taas ng Basehang Pag-angat para sa Baha (BFE, acronym sa Ingles) ng komunidad; at/o



Paglilipat ng iyong bahay o negosyo sa isang lugar na nasa mas mataas sa BFE o nasa labas ng lugar ng malaki ang panganib na mabaha.

Para malaman ang higit pa tungkol sa pagbabawas ng panganib at kung anong mga gantimpalang tulong ang makukuha sa inyong komunidad sa pamamagitan ng FEMA para maiwasan ang pinsala ng baha sa hinaharap, bumisita sa [fema.gov/grants/mitigation](https://www.fema.gov/grants/mitigation) (sa Ingles lang).



PAG-ASIKASO SA IYONG PAGHAHABOL

Kapag naihain mo na ang iyong paghahabol sa seguro para sa pagbaha, makipagtulungan sa iyong adjuster para matiyak na nasa iyong insurer sa baha ang kinakailangan niya para mabayaran ang paghahabol.

Sa pangkalahatan, makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong adjuster sa loob ng isa hanggang dalawang araw matapos matanggap ang iyong abiso ng pagkawala. Gayunpaman, depende sa mga lokal na kundisyon at kalalaan ng pagbaha, maaari itong mas magtagal. Kapag nakipag-ugnayan ka sa kanila, magtatakda ka ng oras para masiyasat ang iyong ari-arian.

Ang iyong adjuster ay magbibigay ng numero ng telepono sa pakikipag-ugnayan at magtatakda ng mga inaasahan patungkol sa tagal ng panahon para matapos ang pagsasaayos, na kinabibilangan ng paghahanda sa pagtataya para sa pagkukumpuni o pagpapalit ng mga sinasaklawang bagay na napinsala ng baha. Bagama't ang mga adjuster ay mga may karanasang propesyunal na sinanay para mapansin ang pinsalang maaaring nakaligtaan mo, dapat mong ipaalam ang anumang pinsalang napansin mo.

Alam Mo Ba?



Ang bahaging pag-inspeksyon ng ari-arian ng proseso ng pagsasaayos ay karaniwang isinasagawa nang personal. Ang personal na pagsasaayos ay nagbibigay-daan sa iyong adjuster na magsagawa ng komprehensibo at pisikal na inspeksyon ng iyong ari-arian.

Ang remote na pagsasaayos ay maaaring maging opsyon pero hindi lahat ng paghahabol ay maaaring maging kwalipikado. Sa remote na pagsasaayos, tutulungan ka ng adjuster sa bawat hakbang ng proseso. Kakailanganin mong gumamit ng device na nakakonekta sa internet para maisadokumento na naganap ang isang pangkalahatang kundisyon ng pagbaha, maipakita kung paano nakapasok ang baha sa gusali, makuhanan ng larawan ang pinsala ng baha sa gusali at personal na ari-arian, at masukat ang mga silid. Dapat ay makapaglaan ka ng sapat na oras para masiguro ang ganap na inspeksyon.

Para matuto pa tungkol sa mga opsyon sa personal at remote na pagsasaayos, bumisita sa floodsmart.gov/how-do-i-start-my-flood-claim (sa Ingles lang) at piliin ang “Maghanda para sa iyong inspeksyon.”

Ang iyong adjuster ay kukuha ng mga sukat, larawan, at tala ng pinsalang direktang sahi ng pagbaha sa panahon ng inisyal na pagbisita sa iyong ari-arian. Tinatawag itong “pagtukoy sa sakop” ng isang pagkawala. Maaari silang humingi ng iyong tulong sa pagsasagawa ng proseso ng pag-alam ng sakop, na maaaring kinabibilangan ng paghahanda ng imbentaryo ng mga napinsalang personal na bagay.

Makakatiyak ka na kung may anumang naalis nang hindi sinasadya o natuklasan sa ibang pagkakataon, makakapagbigay ka ng impormasyon sa iyong adjuster o kumpanya sa insurance para maisaalang-alang. Ang higit pa tungkol dito ay tatalakayin sa susunod na seksyon na “Paghiling ng Karagdagang Bayad.”

Kung malawak ang pinsala, maaaring kailanganin ng iyong adjuster na gumawa ng mga karagdagang pagbisita sa ari-arian o kumuha ng eksperto na kukumpirma sa sanhi ng pinsala o sa pinakamahasag na paraan ng pagkukumpuni.


Maaari ka ring humiling sa iyong adjuster ng advance o bahagyang bayad para masimulan ang proseso ng pagbangon bago mabayaran ng iyong insurer ang buong paghahabol. Tutulungan ka ng iyong adjuster sa prosesong ito.

Kung mayroon kang sangla, dapat na pirmahan ng iyong kumpanya ng sangla ang lahat ng tseke sa bayad sa gusali, kabilang ang anumang advance na bayad na matatanggap mo. Ang anumang advance na bayad ay ibabawas sa iyong kabuuang paghahabol para sa gusali at, kung naaangkop, sa pagkawala sa ari-arian. Direktang ibibigay sa iyo ng insurer ang advance na bayad sa personal na ari-arian.

PAGHILING NG KARAGDAGANG PAGBABAYAD

Pagkatapos isumite ang iyong paghahabol at Katibayan ng Pagkawala, maaari kang humiling ng karagdagang pagbabayad kung makapansin ka ng karagdagang pinsala sa gusali o personal na ari-arian na may seguro makahanap ka ng bagay na nakaligtas o maling natukoy sa pagtataya, o malamang ang nagastos sa pagkukumpuni ng pinsala ng baha ay lumalampas sa pagtataya ng iyong adjuster.

Dapat itong magawa sa loob ng limitasyong 60 araw o sa loob ng anumang pagpapalawig ng panahon na naibigay. Ang iyong carrier ng seguro ay maaaring humiling sa iyo ng pagpapalawig ng panahon mula sa FEMA sakaling gumawa ka ng kahilingan para sa karagdagang bayad pagkalipas ng limitasyon ng oras, pero hindi ito garantisado.





Simulan ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng pag-aabiso sa iyong adjuster o kumpanya ng seguro sa lalong madaling panahon. Dapat kang magpakita ng dokumentasyon, kabilang ang Katibayan ng Pagkawala at ang detalyadong pagtataya ng mga gastusin ng iyong kontratista, sa iyong adjuster para masuportahan ang kahilingan. Maaaring kailanganin nilang muling bisitahin ang iyong bahay o negosyo para iberipika ang mga panibagong paghahabol sa pinsala ng baha.

Kung pinaplano mong magsumite ng Katibayan ng Pagkawala at sumusuportang dokumentasyon nang walang tulong ng iyong nakatalagang adjuster, kumpirmahin sa iyong insurer ang wastong address sa pagsusumite. Kung ipapadala sa maling address, posibleng hindi ito matanggap ng naaangkop na partido o matanggap nang wala sa oras, na maaaring makapinsala sa iyong mga pagsisikap na makakuha ng karagdagang pagbabayad.

Paghahain ng Paghahabol sa Tumaas na Bayarin para sa Pagsunod

Kung hindi sinasaklawan ng iyong policy sa baha ang mga gastusin na magbibigay-daan para makasunod ng iyong gusali sa mga kodigo sa gusali, maliban sa mga ibinigay ng Tumaas na Bayarin para sa Pagsunod (ICC, acronym a Ingles), Saklaw D ng iyong SFIP. Kung matukoy ng iyong komunidad na ang iyong bahay o negosyo ay lubos na napinsala at nangangailangan na ang iyong gusali ay sumunod sa mga batas ng pamamahala sa mga binabahang lugar, maaaring maging kwalipikado ka para maghain ng paghahabol sa ICC.

Aabisuhan ka ng iyong komunidad sa pamamagitan ng opisyal na sulat kung lubos na napinsala ang iyong bahay o negosyo at kukumpirmahin nito kung dapat kang sumunod sa mga lokal na may bisang ordinansa o batas sa pamamahala sa mga binabahang lugar. Matuto pa tungkol sa mga deklarasyon ng lubos na napinsala at lubos na napahusay sa mga sumusunod na Malalim na Pagtalakay.



Malalim na Pagtalakay

Itinuturing ang isang istruktura bilang **lubos na napinsala (SD, acronym sa Ingles)** kung ang halaga para sa pag-aayos nito sa kalagayan nito bago mapinsala ay mahigit 50% o mas malaki sa halaga sa merkado (hindi kasama ang halaga ng lupa).

Itinuturing ang isang istruktura bilang **lubos na pinahusay (SI, acronym sa Ingles)** kung ang mungkahing paggawa sa pagpapahusay nito ay magkakahalagang 50% o higit pa ng halaga sa merkado ng istruktura bago ang “simula ng konstruksyon” ng pagpapahusay. Hindi kasama sa lubos na pagpapahusay ang mga proyekto para magwasto ng mga kasalukuyang paglabag sa kalusugan, kalinisan, o kaligtasan na natukoy ng mga opisyal ng lokal na kodigo na kinakailangan para matiyak ang mga ligtas na kalagayan sa pamumuhay.

Ang mga ari-ariang SD at SI ay dapat na sumunod sa mga kasalukuyang lokal na pamantayan sa pamamahala sa mga binabahang lugar para mabawasan ang panganib sa buhay ay ari-arian at maiwasan ang pagdurusa sa sakuna sa hinaharap.

Ang iyong kinatawan ng mga paghahabol ay maaaring magbigay sa iyo ng karagdagang impormasyong nauugnay sa iyong pagtukoy sa SD/SI o maaari kang bumisita sa agents.floodsmart.gov/si-sd-answers-to-questions (sa Ingles lang) para balikan ang brochure na Mga Sagot sa mga Tanong tungkol sa mga Lubos na Pinahusay/Lubos na Napinsalang Gusali.

Kung magiging kwalipikado ka, nagbibigay ang saklaw na ICC ng hanggang \$30,000 para tumulong sa pagbabayad sa gastusin sa kwalipikadong hakbang sa pababawas para mapaliit ang panganib ng baha sa hinaharap. Kabilang sa mga kwalipikadong hakbang ang pagpapataas, pag-flood proof (mga hindi residensyal at residensyal na gusali na may mga basement), at pag-sira. Gayunpaman, kung makakatanggap ka ng bayad sa paghahabol para sa maximum na pinapahintulutang halaga, hindi mo matatanggap ang \$30,000 na limitasyon sa ICC.



Ang sumusunod na talahanayan ay nagbabahagi ng mga halimbawa ng saklaw sa ICC na makukuha ng mga policyholder na may ibang saklaw at may bayad na halaga ng paghahabol:

Halimbawa ng mga Sitwasyon ng ICC



MAX NG NFIP: 250K | SAKLAW A: 200K | ICC: \$30K

Ang policyholder ay may **\$200,000 na Saklaw A** sa ilalim ng Form sa Paninirahan ng SFIP. Kahit na makamit ang limitasyon ng Saklaw A, **mananatiling makukuha ang \$30,000** para sa ICC dahil mas maliit ito sa maximum ng NFIP na \$250,000.



MAX NG NFIP: 250K | SAKLAW A: 250K, BINAYARAN NG \$220K | ICC: \$30K

Ang policyholder ay may **\$250,000 na Saklaw A** sa ilalim ng Form ng Paninirahan sa SFIP at binayaran ng \$220,000 sa kanyang paghahabol. **Mananatiling available ang \$30,000** para sa ICC kung kwalipikado ang policyholder.



MAX NG NFIP: 250K | SAKLAW A: 250K, BINAYARAN NG \$240K | ICC: \$10K

Ang policyholder ay may **\$250,000 na Saklaw A** sa ilalim ng Form sa Paninirahan ng SFIP at binayaran ng \$240,000 sa kanyang paghahabol. **\$10,000 lang ang matitirang makukuha** para sa ICC kung kwalipikado ang policyholder.



MAX NG NFIP: 250K | SAKLAW A: 250K, BINAYARAN NG \$250K | ICC: \$0K

Ang policyholder ay may **\$250,000 na Saklaw A** sa ilalim ng Form sa Paninirahan ng SFIP at binayaran sa mga limitasyon ng saklaw sa kanyang paghahabol. **Walang matitirang makukuhang pera** para sa ICC kung kwalipikado man ang policyholder o hindi.

Para maghain ng mga benepisyo ng ICC, abisuhan kaagad ang iyong insurer sa oras na makatanggap ng abiso mula sa komunidad na ang iyong napinsalang gusali ay kailangang makatugon sa kodigo, at ibigay sa iyong insurer ang mga kinakailangang dokumentasyon. Kinakailangan mong pumirma ng hiwalay na Katibayan ng Pagkawala ng ICC para makatanggap ng bayad bago ang deadline, 60 araw mula sa petsa nang matanggap ang liham ng komunidad. Mayroon ding limitasyon sa oras na anim na taon mula sa petsa ng baha para magawa ang gawaing kinakailangan para maging kwalipikado sa ICC.

Ang iyong kinatawan sa mga paghahabol ay maaaring makapagbigay sa iyo ng karagdagang impormasyon na nauugnay sa saklaw at proseso ng ICC. Maaari ka ring bumisita sa floodsmart.gov/increased-cost-compliance-coverage (sa Ingles lang).

PAGTUGON SA MGA TANONG TUNGKOL SA IYONG PAGHAHABOL

Hinihikayat ng FEMA ang lahat ng policyholder ng seguro para sa pagbaha na magtanong muna sa kanilang adjuster o insurer tungkol sa kanilang paghahabol sa seguro. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong adjuster at insurer para matugunan ang iyong mga alalahanin.

Gayunpaman, kung pagkatapos ng pag-uusap na ito ay hindi ka pa rin masisiyahan sa pasya o halaga na sinang-ayunan ng iyong insurer na ibayad sa iyo para sa pinsalang nauugnay sa baha, mayroon kang mga opsyon.

OPSYON

1

Maghain ng Apela

Mayroon kang karapatang maghain ng apela sa FEMA pagkatapos mong makatanggap ng opisyal na nakasulat na liham mula sa iyong insurer na tumatanggi sa lahat o sa bahagi ng iyong paghahabol. Sa panahon ng proseso ng apela, maaari kang magpatuloy sa pakikipagtulungan sa iyong insurer sa baha para malutas ang iyong paghahabol at anupamang matinding isyu.

Bagama't nakatutulong ang prosesong ito sa iyo na lumutas ng mga isyu sa paghahabol, hindi ito makapagbibigay sa iyo ng karagdagang saklaw o mga limitasyon sa paghahabol na lampas sa mga kasama sa policy sa NFIP sa panahon ng pagkawala sa baha.

Pagsusumite ng Iyong Apela

Dapat mong isumite ang iyong liham ng apela sa FEMA sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng liham ng pagtanggì mula sa iyong insurer sa baha. Posibleng kabilang sa mga kinakailangang impormasyon para sa iyong apela ang:

- Mga detalyeng nakalista sa Pahina ng mga Deklarasyon ng iyong policy sa NFIP, kabilang ang:
 - Numero ng policy;
 - (Mga) pangalan ng policyholder; at
 - Address ng ari-arian, na maaaring iba sa iyong mailing address.
- Ang pinakamainam para sa iyo na impormasyon sa pakikipag-ugnayan.
- Kopya ng nakasulat na pagtanggì ng iyong insurer sa lahat o bahagi ng iyong paghahabol.
- Mga partikular na detalye tungkol sa iyong alalahanin.

Dapat isumite ng pinangalanang may seguro (gaya ng lumalabas sa iyong policy sa NFIP) o ng legal na kinatawan ang apela. Ang kinatawan ay dapat na malinaw na tukuyin ang kanilang ugnayan sa pinangalanang may seguro. Kung nag-aawtorisa sa ibang tao na makipag-ugnayan sa FEMA tungkol sa iyong paghahabol, kakailanganin mo itong gawin sa paraang pasulat. Alinsunod sa batas, dapat na makuha muna ng FEMA ang awtorisasyong ito para maprotektahan ang iyong privacy.

Pag-aawtorisa sa mga Kinatawan



Para mag-aawtorisa ng ibang tao na kakatawan sa iyo, dapat kang magsumite ng dokumentasyon na kinabibilangan ng iyong buong pangalan, kasalukuyang address, petsa at lugar ng kapanganakan, (mga) pangalan ng iyong (mga) kinatawan, at iyong pirma. Dapat mong ipanotaryo ang dokumentong ito o isama ang sumusunod na pahayag:

"Ipinapahiwatig kong binibigyan ko ng pahintulot ang FEMA na ilabas ang aking mga rekord sa third-party na kinatawan na ito. Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na ang nabanggit ay totoo at tama. Isinagawa noong <PETA>. <PIRMA>."

Ilakip ang lahat ng dokumentasyong nauugnay sa (mga) tinanggihang bagay bilang suporta sa iyong apela at ipadala ito sa koreo sa **FEMA, 400 C Street, S.W., 6th Floor S.W., Washington, DC 20472-3010** o ipadala ito nang elektroniko sa FEMA-NFIP-Appeals@fema.dhs.gov. Huwag ipadala ang mga orihinal na kopya ng mga dokumento—magpadala ng mga photocopy at itabi ang mga orihinal sa ligtas na lugar. Ang FEMA ay mayroon ding form ng Apela sa mga Paghahabol sa NFIP para sa mga online na pagsusumite, makukuha sa agents.floodsmart.gov/nfip-claim-appeal (sa Ingles lang).

Ginagamit ng FEMA ang postmark ng koreo ng U.S., petsa ng pagtanggap sa express carrier, o digital na timestamp para matukoy kung isinumite mo ang apela sa loob ng kinakailangang timeframe.

Kung kailangan ng FEMA na muling magsagawa ng inspeksyon sa iyong ari-arian para makapangalap ng higit pang impormasyon, makakatanggap ka ng kahilingang mag-iskedyul ng appointment para sa muling pag-iinspeksyon. Maaari ring humiling ang FEMA ng karagdagang impormasyon mula sa iyo, sa iyong adjuster, o sa iyong tagapagsuri ng paghahabol. Magkakaroon ka ng hindi bababa sa 14 na araw ng kalendaryo para makatugon sa mga pagkakataon kung saan humihiling ang FEMA ng karagdagang impormasyon mula sa iyo. Kapag hindi ka nakapagbigay ng hiniling na impormasyon nang buo at sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo, maaari itong magresulta sa pagpapawalang-bisa ng iyong apela.

Mga Limitasyon sa mga Apela

Ang proseso ng mga apela ay nag-aalok ng remedyo na non-adversarial bago ang litigasyon na layuning lumutas ng mga isyu sa paghahabol. Hindi magagawa ng FEMA na palawakin ang saklaw o isuko ang mga limitasyon at pagbubukod. Kapag naghain ng apela, hindi masusuko ang anuman sa mga kinakailangan o mapapalawak ang alinman sa mga limitasyon sa oras na isinasaad sa iyong policy.

Isa lamang ang remedyo bago ang litigasyon na magagamit ng policyholder, kaya kapag naghain ka ng apela, hindi ka makakahingi ng pagtatasa gaya ng ibinibigay sa iyong patakaran. Kung hihingi ka ng pagtatasa, hindi ka makakapag-apela. Dahil ang apela ay isang remedyo bago ang litigasyon, hindi ka maaaring mag-apela pagkatapos mong magsampa ng kaso laban sa isang insurer sa isang isyu sa paghahabol sa seguro para sa pagbaha. Sa pamamagitan ng regulasyon at pagpapatakbo ng batas, awtomatikong winawakasan ang iyong apela sa oras na maghain ng kaso.

Resolusyon sa mga Apela

Ang mga policyholder na maghahain ng apela ay makakatanggap ng nakasulat na pasya mula sa FEMA. Makakatanggap din ng kopya ng pasya sa apela ang insurer ng policyholder. Ang pasya ay kumakatawan sa panghuling pagsusuri ng FEMA sa iyong paghahabol at walang ibibigay na karagdagang pang-administratibong pagsusuri ang ahensya.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa panghuling pasya sa apela, binibigyang-daun ka ng pederal na batas na maghain ng kaso sa hukuman ng pederal na distrito kung saan naganap ang pinsala, kung ito ay gagawin mo sa loob ng isang taon mula sa petsa na unang beses na tinanggihan ng insurer ang lahat o bahagi ng iyong paghahabol. Dapat mo itong gawin sa loob ng panahon ng isang taon kung hindi pa umabot sa resolusyon ang iyong apela dahil ang pagkakaroon ng apela ay hindi nagpapabago, nagpapalawig, o nagpapahinto sa isang taong statute of limitations na pinapahintulutan ng Kongreso. Ang FEMA ay napapailalim sa Ehekutibong Sangay ng Pamahalaan at hindi nito mapapangunahan o mababago ang statute of limitations na isinagawa ng Kongreso.

Paunawa: Mangingibabaw sa impormasyon sa handbook na ito ang mga Pederal na batas at regulasyon kung saan magkakaroon ng hindi pagkakatatugma.

Para sa higit pang impormasyon sa mga apela sa paghahabol sa seguro para sa pagbaha, bumisita sa fact sheet ng Pag-apela ng FEMA sa Iyong Paghahabol sa Seguro para sa Pagbaha sa agents.floodsmart.gov/appealing-claim-fact-sheet (sa Ingles lang).



OPSYON

2

Manawagan ng Probisiyon sa Pagtatasa

Kung hindi ka sumasang-ayon sa tinatayang halaga ng pagbabalik ng bayad para sa sinaklawan na pagkawala, mayroon kang mga karapatan sa ilalim ng iyong policy. Ang mga detalye ng probisyong ito ay nakalista sa iyong policy, pero hindi ka maaaring maghain ng apela sa FEMA kung gagamitin mo ang probisyong ito.

OPSYON

3

Maghain ng Kaso

Dapat kang maghain ng kaso sa hukuman ng pederal na distrito kung saan naganap ang pinsala ng baha sa loob ng isang taon ng petsa ng nakasulat na pagtanggì sa lahat o bahagi ng iyong paghahabol. Kung ang NFIP Direct ng FEMA ay ang iyong insurer, maaari kang maghain ng kaso laban sa FEMA. Para sa lahat ng iba pang insurer, dapat mong idemanda ang insurer sa baha. Gaano man karami ang mga naisumiteng Katibayan ng Pagkawala, mananatiling iisa ang paghahabol na dulot ng isang pagbaha.

Pagkatapos maghain ng apela sa FEMA, maaari ka pa ring maghain ng kaso laban sa iyong insurer, pero kapag nagsimula ka ng litigasyon, hindi ka na makakapaghain ng apela. Kapag naghain ng apela, hindi hahaba ang panahon para maghain ng kaso laban sa iyong insurer. Dapat kang kumonsulta sa iyong personal na abugado kung mayroon kang mga karagdagang tanong tungkol sa litigasyon.





KARAGDAGANG PATNUBAY AT IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Makipag-ugnayan sa Sentro ng Pangangalaga ng Customer ng FEMA Mapping and Insurance eXchange (FMIX, acronym sa Ingles) para sa mga tanong tungkol sa pagmamapa ng baha at insurance sa baha. Pumunta sa msc.fema.gov/fmix (sa Ingles lang) para makipag-chat nang live sa isang specialist mula 9 a.m. hanggang 5 p.m. EST Lunes-Biyernes, mag-email sa FEMA-FMIX@fema.dhs.gov, o tumawag sa **877-336-2627**.

Bumisita sa agents.floodsmart.gov/nfip-answers-to-questions (sa Ingles lang) para magkaroon ng access sa malalim na brochure na Mga Sagot sa mga Tanong Tungkol sa NFIP, na nagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga proseso sa mga paghahabol, tulong sa sakuna, at muling pagtatayo.

Para sa listahan ng mga opsyon sa pananalapi na mayroon para sa mga nakaligtas sa sakuna, balikan ang Pinansyal na Pagbawi Pagkatapos ng Pagbaha sa agents.floodsmart.gov/financial-recovery-flooding (sa Ingles lang).

Ang iyong insurer at ahente ay mahahalagang sanggunian din.

Bisitahin ang Tanggapan ng Tagapagtaguyod ng Insurance sa Baha (OFIA, acronym sa Ingles) sa fema.gov/flood-insurance/advocate (sa Ingles lang) para matuto pa tungkol sa patas na pagtrato sa mga policyholder at may-ari ng ari-arian.





FEMA



Ginawa ng Kongreso ang Pambansang Programa sa Seguro para sa Pagbaha (NFIP, acronym sa Ingles) noong 1968 para mabawasan ang pinsala ng baha sa hinaharap sa pamamagitan ng pamamahala sa mga binabahang lugar, at para mabigyan ang mga tao ng insurance sa baha sa pamamagitan ng mga indibidwal na ahente at kumpanya ng seguro. Pinapamahalaan ng FEMA ang NFIP. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa seguro para sa pagbaha ng NFIP, tumawag sa **800-621-3362**.

Kung gumagamit ka ng serbisyo sa paghahatid, tulad ng serbisyong video relay (VRS, acronym sa Ingles), serbisyo sa may caption na tawag o iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon.

Para sa pinaka-up-to-date na bersyon ng sangguniang ito, bisitahin ang agents.floodsmart.gov/handbook-ng-mga-paghahabol.